# BISIG

2021 Bol. 3



Ang **BISIG** ay bilingual na refereed journal na nagtatampok ng mga artikulo o papel pananaliksik hinggil sa kalagayan ng sektor ng paggawa at mga komunidad sa Pilipinas na taunang inilalabas ng PUP. Pangunahing itinatampok nito ang mga pag-aaral na sumisipat sa mga napapanahong isyu hinggil sa kalagayan ng mga manggagawa, anakpawis at kanilang mga komunidad. Karaniwang nakatuon ang mga paksa sa mga usapin tulad ng unyonismo, globalisasyon, neoliberal na polisiya, kilusang paggawa, karapatan at kalagayan ng anakpawis, relasyon at kalagayan ng mga industriya, at iba pang katulad. Maaaring ang paksa ay tumatawid sa iba pang disiplina tulad ng kasaysayan, politika, ekonomiya, sikolohiya, wika, sining, kultura, kasarian, kababaihan, diaspora, agham, teknolohiya at iba pa tungo sa paglapit na multi/interdisiplinaryo.

Layunin ng Bisig na maipagpatuloy at lalo pang mapaigting ang mga nasimulang adhikain para sa mga manggagawa ng intelektuwal at makabayang edukador na si Dr. Nemesio Prudente, sa pamamagitan ng mga pananaliksik na dumadalumat sa mga penomenang may kaugnayan sa paggawa at ugnayang pang-industriya sa Pilipinas.


**LUPON NG MGA EDITOR**

**Rimando E. Felicia**
Punong Editor

**Jomar G. Adaya**
Kawaksing Editor

**Paul L. Quintos**
Kawaksing Editor
City University of Hongkong

**Mary Joy Sawa-an**
Tagapamahalang Editor

**Jesusana Dejito**
Layout Artist

**LUPON NG MGA EDITORIAL REVIEWER**

**David Michael M. San Juan, PhD**
De La Salle University

**Ramon G. Guillermo, PhD**
University of the Philippines-Diliman

**Epifanio San Juan Jr., PhD**
Philippine Cultural Studies Center, USA

**Atty. Rebecca C. Chato**
Former Undersecretary, DOLE

**Nancy Kimuell-Gabriel, PhD**
University of the Philippines-Diliman

**Angelito Manalili, PhD**
University of the Philippines-Diliman

**Judy Taguiwalo, PhD**
University of the Philippines-Diliman

**Francis Gealogo, PhD**
Ateneo de Manila University

BISIG

**BISIG**
Polytechnic University of the Philippines
Office of the Vice President for Research, Extension, Planning, and Development
Research Publications Office
2021

Maaaring sipiin ang alinmang bahagi ng journal para sa ikasusulong ng interes at mithiin ng mga anakpawis at mamamayan. Kailangan lamang ng angkop na pagkilala sa naglathala o sa mga may-akda.

Karapatang-ari © 2021

Inilathala at ekslusibong ipinamahagi ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Sta. Mesa, Manila

ISSN 2546-0765 (Online)
ISSN 2467-6330 (Print)

**Paliwanag sa Pabalat (Cover)**

Pinamagatang “Kalbaryo ng Manggagawang Bukid” ang sining-biswal na ginamit sa isyung ito ng Bisig na mula sa mayamang bukal ng mga likha ng kilalang artista ng bayan at ng uring manggagawa na si Leonilo “Neil” Doloricon (1957-2021). Si Prof. Neil ay edukador, visual artist, printmaker, and social critic at itinuturing na isa sa mga dakilang haligi ng social realism sa Pilipinas at maging sa buong mundo. Ipinagmamalaki namin na mula sa pagsisimula ng Bisig Journal noong dekada 90 hanggang sa huli niyang mga obra, naging bahagi at katunayan ay nagsilbing mukha ng Bisig ang mga obra ni Ka Neil Doloricon bilang artista ng mga anakpawis. Ipinagpapasalamat namin na naambunan ni Ka Neil hindi lamang ng kanyang mga obra kundi mga aral at mungkahi kung paano higit na ilalapit at pagsisilbihin ang Bisig sa mga anakpawis at mamamayan. Para kay Neil, ang akademya at ang mga produkto nito ay laging kaagapay at nagsisilbi sa anakpawis at produktibong pwersa ng lipunan. Salamat at nagpapatuloy kami, Prof. Neil!

## Paunang Salita

Kakaiba ang panahong ito. Ito ay isang panahong ang katotohanan ay tila ba kailangan laging patunayan, igiit at ipaglaban. Sa lawak ng makinarya ng disinpormasyon, mas tumindi ang pangangailangan at hamon para sa mga makabuluhang pananaliksik hindi lamang upang ilarawan ang kalagayan kundi higit pa rito, basagin ang mga maling pananaw at impormasyon na sistematikong ipinalalaganap ngayon. Dito higit naming nakikita ang kabuluhan at pangangailangan sa mga babasahin at dyornal ng pananaliksik na katulad ng Bisig.

Tatlong dekada na ang Bisig (na may ilang panahon na tinawag na Braso) at patuloy ang ebolusyon nito mula sa pagiging dyornal ng panitikan ng obrero hanggang sa kasalukuyan nitong anyo bilang akademikong dyornal ng mga pananaliksik hindi na lamang sa relasyong industriyal at paggawa kundi sa mga samu't saring paksa, konsepto, usapin, dokumentasyon at pakikibaka ng mga anakpawis at mamamayan para sa pagbabago sa kanilang pamayanan at maging sa panlipunang transpormasyon. Patuloy mang nagbabagong-anyo, subalit pirmi at lalaging matibay, malinaw ang kiling at silbi ng akademikong dyornal na ito: ang maging Bisig ng mga anakpawis at mga sektor na nasa laylayan ng lipunan.

Sa isyung ito, mababasa ang mga akda na hindi lamang dumaan sa masusing pagkilatis ng mga rebyuwer kundi higit pa rito ay naglalaman ng mga napapanahon at napakamakabuluhang mga pagsusuri, obserbasyon at pananaliksik sa yugtong ito ng mga mayor na kaganapan sa ating lipunan.

Masinop na sinuri at mistulang sinuma ng akdang *A Critical Discourse Analysis of Rodrigo Duterte's Language on Endo and Labor Unionism* ang pabaling-baling na tindig ng administrasyong Duterte mula sa mismong bibig ng pangulo sa mga pangunahing usapin sa paggawa tulad ng pangakong napako sa pagwawakas ng sistemang Endo (end of contract) o kontraktwalisasyon.

Sa akdang *Ang Industriya ng Niyog sa Pilipinas Pagkalipas ng EDSA at ang Kalagayan ng mga Magniniyog sa Kanilang Panitikan*, inilatag ng may-akda ang ilang halimbawa ng panitikan hango sa mga magniniyog at sa proseso nailalatag ang pait ng katotohanang sa kabila ng mga boladas at programa ng mga gubyerno matapos ang pag-aalsa sa EDSA, nananatiling naghihirap ang magniniyog at nagpapatuloy ang monopolyo at iilang may kontrol sa industriya ng niyog sa ating bansa.

Mistulang rebyu sa pelikula pero ang totoo'y higit na masaklaw na diskurso ang tinuturol ng akdang *Representasyon ng Kababaihang Manggagawang Pilipino sa Europa Batay sa Pelikulang Pag-ibig na Milan (2004) at Barcelona (2015)* na sabihin pa ay nagsasalabid sa kwentong pag-ibig ng mga karakter ang tunay na kalagayan, hinaing at aspirasyon ng mga migranteng manggagawa.

Pagdalumat sa resulta ng pakikipagkwentuhan sa mga katrabaho at pakikipanayam sa mga kalakhan ng kontraktwal na estudyanteng manggagawa ang inihaharap ng akdang *Ang Fast food Crew sa Mabilis na Globalisasyon: Naratibo ng mga Manggagawang "Hindi Laging Bida ang Saya"* na lalo pang nagsakongkreto ng kalagayan ng mga student crew sa mga fastfood chains.

Pokus naman ng akdang *Ang Pagdalumat ng Bentahan sa Navotas Fish Port Complex Upang Masipat ang Kalagayan ng Pangingisda sa Pilipinas* at sinipat ng pag-aaral ang mga suliranin ng Fish Port sa Navotas at nagharap ng ilang rekomendasyon upang malubos nito ang potensyalidad sa pag-aambag sa ekonomiya hindi lamang sa lunsod ng Navotas kundi maging sa sektor ng pangisdaan ng bansa.

Ngayong taon habang patuloy na nagsisikap umahon ang bayan sa lipunang ibayo pang nilugmok ng iba't ibang tipo ng pandemya, palit-mukha naman ang titimon sa gobyerno ng ating bayan.

Bago ang mga mukha, at panibagong mga pangako. Gayunman, tila hindi nagbabago ang kalagayan, hinaing at aspirasyon ng nakararaming sektor sa ating lipunan. Sila itong nagpapatuloy ang pagsisikap na mabuhay sinupaman ang nasa pamahalaan. Patuloy na naghahanap ng pag-asa at kumakapit sa pagbabakasakali ng pagbabago. Sila ang patuloy na pinapangakuan ng pagbabago subalit mas madalas na kinakapos at laging pinagbabayad ng mahal. Sila ang manggagawa, ang magsasaka, ang mangingisda, ang mga karaniwang empleyado at mga nagpipilit na maghanap ng ikabubuhay sa iba't ibang paraan sa mga looban, sa lansangan, sa mga komunidad, sa mga baryo, sa malalayong lupang tiwangwang o mandarayuhan maging sa ibang bayan.

Sila ang mga mukhang mababanaag sa mga akdang mababasa sa isyung ito. Sa kanila ang mga salita na inyong mababasa. Sa kanila ang mga tinig na inyong mauulinig.

Sapagkat ang Bisig ay hindi lamang nagkakanlong sa kanilang mga hinaing at mithiin, sa Bisig din pinag-iisa ang kanilang lakas na isulong at isakatuparan ang mga ito. Noon hanggang ngayon Ito ang Bisig ng mga nakararami sa lipunan dahil para saan nga ba ang kaalaman at karunungan? Para ito sa pagsulong ng lipunan. Para ito sa mga pangunahing nagtutulak sa granahe ng produksyon at pagbabagong panlipunan

Sa partikular na panahong ito ng mabilis na galaw ng impormasyon, tanging hangad ng Bisig na makapag-ambag ng mga matitibay na pananaliksik na naglilinaw at gumagapi sa mga disinpormasyon at sinasadyang pagtatakip sa katotohanan ng mga paulit-ulit na kasinungalingan. Para kina Doc Prudente, Ka Roger Ordonez, Ka Ave Perez Jacob at sa iba pang nagtimon ng Bisig-Braso, nagpupunyagi po kaming magpatuloy at hindi tayo mabibigo.

**Rimando E. Felicia, MCD**
Kawaksing Propesor
Punong Editor

# Mga Nilalaman

**Paunang Salita mula sa Editor**

**A Critical Discourse Analysis of Rodrigo Duterte's Language on Endo and Labor Unionism**
Jervy C. Briones **1**

**Ang Industriya ng Niyog sa Pilipinas Pagkalipas ng EDSA at ang Kalagayan ng mga Magniniyog sa Kanilang Panitikan**
Romeo P. Peña, PhD **27**

**Representasyon ng Kababaihang Manggagawang Pilipino sa Europa Batay sa Pelikulang Pag-ibig na Milan (2004) at Barcelona (2016) ni Olivia Lamasan**
Axle Christien J. Tugano **43**

**Ang Fast food Crew sa Mabilis na Globalisasyon: Naratibo ng mga Manggagawang *"Hindi Laging Bida ang Saya"***
Nell B. Buenaventura **73**

**Ang Pagdalumat ng Bentahan sa Navotas Fish Port Complex Upang Masipat ang Kalagayan ng Pangingisda sa Pilipinas**
Reneille Joy M. Tayone **107**

**Mga Kontribyutor** **147**

Romeo P. Peña, PhD
Polytechnic University of the Philippines

# Ang Industriya ng Niyog sa Pilipinas Pagkalipas ng EDSA at ang Kalagayan ng mga Magniniyog sa Kanilang Panitikan

**Abstrak**

Noong Enero 22, 1987, humigit-kumulang isang taon ng panunungkulan ni Pangulong Corazon C. Aquino, maraming mga magsasaka ang nagmartsa sa mga lansangan ng Maynila upang iprotesta ang kawalan ng reporma sa lupang ipinangako ni Aquino noong nagsimula siyang manungkulan bilang pangulo. Sumagot ang administrasyong Aquino sa pamamagitan ng bala mula sa M-16 na kumitil sa 13 magsasaka at sumugat sa 51 nagprotesta malapit sa palasyo ng Malakanyang partikular sa Mendiola. Kasama sa mga nasawi ay ilang magniniyog. Layunin ng pag-aaral na ito na maihain at masuri ang mga panitikan ng mga magniniyog sa Pilipinas partikular sa Bondoc Peninsula na bahagi ng Lalawigan ng Quezon at mailatag ang naging kalagayan ng industriya ng niyog sa Pilipinas mula sa panahon ng panunungkulan ni Pangulong Corazon C. Aquino.

***Mga Susing Salita:*** *Industriya ng Niyog, EDSA, magniniyog, Panitikan*

**Abstract**

On January 22, 1987, about a year since the start of President Corazon C. Aquino's incumbency, many farmers marched on the streets of Manila to protest the lack of land reform promised by Aquino when she began her term as a president. The Aquino administration responded with bullets from an M-16 that killed 13 farmers and wounded 51 protesters near the Malacañang palace, specifically in Mendiola. Among the dead were some coconut farmers. The purpose of this study is to present and analyze the literature of coconut farmers in the Philippines, specifically in the Bondoc Peninsula which is part of Quezon Province and to present the status of the coconut industry in the Philippines since President Corazon C. Aquino's term.

**Keywords:** Coconut Industry, EDSA, Coconut Farmers, Literature

**Panimula: Ang Trahedya sa Mendiola**

Noong Enero 22, 1987, humigit-kumulang isang taon ng panunungkulan ni Pangulong Corazon C. Aquino, maraming mga magsasaka ang nagmartsa sa mga lansangan ng Maynila upang iprotesta ang kawalan ng aksiyon sa kanilang mga hinaing patungkol sa mababang pasuweldo, kawalan ng benepisyo at repormang agraryo na ipinangako rin ni Aquino gaya ni Marcos noong nagsimula silang manungkulan bilang pangulo (Skare, 1995). Sumagot ang administrasyong Aquino sa pamamagitan ng bala mula sa M-16 ng mga militar na kumitil sa labintatlong (13) manggagawa/magsasaka at sumugat sa limampu't limang (51) nagprotesta malapit sa palasyo ng Malakanyang partikular sa Mendiola (De Guzman, 2019). Kasama sa mga nasawi ay mga magniniyog (Skare, 1995). Ito ang tinatawag sa kasaysayan na "Mendiola Massacre" at tinagurian ding "Black Thursday" ang pangyayaring ito (De Guzman, 2019). Walang nakuhang hustisya at kumpensasyon ang mga kaanak ng mga nasawi at ang kasong isinampa nila ay nawalan din ng saysay dahil ganito ang naging desisyon ng Korte Suprema noong Mayo 19, 1993:

> The inescapable conclusion is that the State cannot be held civilly liable for the deaths that followed the incident. Instead, the liability should fall on the named defendants in the lower court….Wherefore, finding no reversible error and no grave abuse of discretion committed by respondent

> Judge in issuing the questioned orders, the instant petitions are hereby dismissed. (Supreme Court, 1993)

Isa ang magniniyog na si Danilo Arjona na mula sa Laguna ang nasawi sa malagim na masaker na iyon sa Mendiola. Hindi na nagkaroon ng pag-asa pang magkaroon ng hustisya ang pagkamatay ni Arjona. Dismayado sa sistema ng katarungan sa Pilipinas ang mga kaanak ni Arjona. Sinabi pa nga ng kapatid niyang si Letty Arjona-Arias ang ganito, "Thirteen lives ended in that massacre. Yet nothing was done to resolve the case. It is as if the lives of those 13 peasants were of no value, they don't deserve any concern at all from the government" (Adraneda, 2006).

**Ang Repormang Agraryo sa Panahon ni Pangulong Corazon Aquino**

Ang karahasang ito ang bumungad sa mga magsasaka at mga manggagawa sa niyugan o mga magniniyog sa simula pa lamang ng panunungkulan ni Aquino bilang pangulo. Tunay at komprehensibong repormang agraryo pa rin ang inaasam at isinisigaw ng maraming mga magsasakang napagkaitan ng pagkakataong makapagmay-ari man lamang ng kaunting lupain na matagal na nilang sinasaka at tinatamnan dahil nabigo sila sa repormang agraryo sa panahon ni Marcos. Bunsod ng mga pangyayaring ito, ang naging unang hakbang ni Aquino ay ang pagtatatag ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) sa pamamagitan ng ipinalabas niyang Proklamasyon Blg. 131 noong Hulyo 22, 1987 at sa pamamagitan naman ng Executive Order Blg. 229 noon ding Hulyo 22, 1987 ay inilatag ang mga mekanismo sa pagpapatupad ng CARP (Almeda-Martin, 1999). Makalipas ang halos isang taon, naipasa naman ang Republic Act Blg. 6657 o ang Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL) noong Hunyo 10, 1988. Muli, maganda sanang oportunidad ang mga hakbang at batas na ito sa ilalim ng administrasyong Aquino para sa mga magsasaka pero nabigo pa rin ang mga magsasaka sa repormang agraryo sa panahong ito dahil ang pamilya Cojuanco-Aquino rin ang masasabing lumabag sa inilatag na reporma dahil sa matinding isyu sa pamamahagi ng lupaing sakop ng Hacienda Luisita. Sa halip na ipamahagi ang Hacienda Luisita sa mga magsasaka, *shares of stock* ang inialok ng Cojuanco-Aquino sa mga magsasaka na labag mismo sa isinasaad ng CARP dahil hindi maaaring pamalit ang *shares of stock* sa pag-aari ng mismong lupain na isasailalim sa repormang agraryo. Ipinaliwanag ito ni Perez (2016) nang ganito:

> Hacienda Luisita, Inc. (HLI) was a circumvention of the agrarian reform law. It was not only a frustration under the governing provisions of the CARP of the late first woman president.

> Aside from not being compliant with the agrarian reform law, HLI deprived its tenants the opportunity to own a piece of the property. Shares of stocks could never replace farm lots, which the Cojuangcos tried to impose on most of their tenants. Those who agreed to become HLI stockholders did not know what they were getting in exchange for farm lots. The company in which they were to own 37 percent, or even more, would eventually collapse with an accumulated deficit of more than P1 billion.

Naging malaking dagok pa rin sa mga magsasaka ang hindi tunay na repormang agraryo dahil ang mismong pamilya o angkan ng pangulo noon ang lumabag dito. Kung sisipatin naman ang repormang agraryo sa mga niyugan sa panahong ito, hindi rin ito naisakatuparan at nanatiling kaawa-awa ang mga magniniyog sa ating bansa. Ang patunay na maaaring ihalimbawa para rito ay ang naging sitwasyon ng mga magniniyog sa Bondoc Peninsula kahit mayroon ng batas hinggil sa komprehensibong repormang agraryo. Iniulat mismo ng Bondoc Peninsula Development Program (BDP) na nilikha mismo ng gobyerno sa pamamagitan ng Executive Order No. 30 noong 1992 sa ilalim na ng Pangulong Fidel V. Ramos ang natuklasan nila hinggil sa naging kalagayan ng repormang agraryo sa lugar. Ganito ang naging ulat ng BDP:

> There were 55,227 households in the area. Only 1.1 percent of them control 44,333 out of the 100,000 hectares that are due for land distribution under the government's agrarian reform program. The biggest landholdings in Bondoc Peninsula are the following: 1) Domingo Reyes with family holdings estimated at 12,000 to 16,000 hectares in three municipalities. These figures hardly made a dent on the landowner's monopoly over large tract of lands; 2) Uy family with total landholdings of 3,500 hectares. Despite the vigorous organizing work in partnership with non-government organizations (NGOs) and militant groups, not a single hectare has been distributed; 3) Matias estate, covering 2,800 hectares. Not a single hectare has also been distributed. Despite the existence of an agrarian reform program for more than a decade, tenants are still in the process of petitioning for agrarian reform coverage for areas involving 105 hectares; 4) Tan family/clan, covering 3,000 hectares. As of this date, not a single hectare has been distributed. A total of 400 hectares have been "engaged" (BDP's term for being petitioned for CARP coverage) by BDP and other peasant organizations, but most of these lands are problematic; 5) Superior Agro-Industrial

> estate, covering 540 hectares. Not a hectare was distributed. Farmers were continuously harassed and some were evicted. The landowner was even able to secure exclusion from the Department of Agrarian Reform. About 13 farmers are pushing for leasehold implementation, a deliberate strategy to force the owner to submit his properties for land distribution, but there are no positive results as of this writing; and 6) Timberland areas covering 58,000 hectares have also been targeted by BDP and peasant groups for reclassification and redistribution. The process has not gone beyond reclassification. (Llorito, n. d.)

Sa ulat, tinukoy ng BDP ang mga may-ari ng mga lupain sa Bondoc Peninsula na hindi natinag ng batas hinggil sa komprehensibong repormang agraryo kaya nanatiling sila ang nagmamay-ari ng malalawak na lupain sa Bondoc Peninsula na karaniwan ay mga malalawak na niyugan. Binanggit din sa ulat ang mga dahilan kung bakit nananatiling sila pa rin ang nagmamay-ari ng mga lupain. Masasabing usapin ito kung anong uri ng pagkatao mayroon ang mga may may-ari ng malalawak na niyugan. Mayroong mga may-aring kinatatakutan ng mga magniniyog, mayroong hindi tumutugon sa petisyon na isama sa repormang agraryo ang kanilang lupain o mga sakim, mayroong nagpalayas at nang-api sa mga magniniyog na nasa kanilang lupain o masasama ang pag-uugali at mayroong nakakakuha ng eksklusyon para sa repormang agraryo sa DAR o mga magugulang at mandaraya. Sa kabila ng kahabag-habag na mga pangyayaring ganito hinggil sa inaasam na repormang agraryo ng mga magniniyog, patuloy pa ring nagbungkal, nagtanim at nag-alaga ng niyog ang mga magniniyog sa Bondoc Peninsula. Pinatunayan ito ng datos noong dekada nobenta na isa pa rin sa nangungunang prodyuser ng niyog ang Timog Katagalugan na nakasasakop sa Bondoc Peninsula (Aragon, 2000). At sa pagtutok sa mga magsasaka sa niyugan o mga magniniyog mula taong 1987, ilalatag ko sa kasunod na bahagi ang mga patunay na hindi pa rin binigo ng mga magniniyog na Pilipino ang bansa pagdating sa tuloy-tuloy na produksiyon ng niyog at pagluluwas ng mga produktong nagmumula sa niyog sa buong mundo sa kabila ng pamamayagpag ng ilan pang mga bansa sa mundo sa industriya ng niyog.

**Ang Kalagayan ng Industriya ng Niyog Pagkalipas ng EDSA**

Sa datos ng Asian and Pacific Coconut Community (APCC) na sumasaklaw sa taong 1991 at 1996, ipinakita nila na naungusan na ng Indonesia ang Pilipinas pagdating sa lawak ng lupaing natatamnan ng niyog na makikita sa Talahanayan 15 *(Coconut Area by Major Producing*

*Countries, 1991 and 1996)*, susuportahan din ito ng datos mula sa Food and Agriculture of the United Nations (FAO-UN) na sumaklaw mula 1992 hanggang 1996, sa datos na ito na makikita sa Talahanayan 1 *(Coconut Area and Production of Major Coconut Producing Countries, 1992-1996)* ipinakita rin ng FAO-UN na naungusan na rin ng Indonesia sa dami ng produksiyon ng niyog sa bawat taon ang Pilipinas.

**Talahanayan 1:**
***Coconut Area by Major Producing Countries, 1991 and 1996***

| Country | 1991 | | 1996 | |
|---|---|---|---|---|
| | Coconut Area (in million hectares) | Percent of World Share | Coconut Area (in million hect-ares) | Percent of World Share |
| Indonesia | 3.5 | 32.1 | 3.7 | 33.6 |
| Philippines | 3.1 | 28.4 | 3.1 | 15.5 |
| India | 1.5 | 13.8 | 1.8 | 26.7 |
| Total | 8.1 | 74.3 | 8.6 | 75.8 |

Source: *Asian and Pacific Coconut Community (APCC)*

**Talahanayan 2:**
***Coconut Area and Production of Major Coconut Producing Countries, 1992-1996***

| Country | Coconut Area (in 1000 hectares) 1992-1996 | | | | | Production of Coconuts (Measured in Nut Equivalent) 1992-1996 (1000 nuts) | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1992 | 1993 | 1994 | 1995 | 1996 | 1992 | 1993 | 1994 | 1995 | 1996 |
| Indonesia | 3599 | 3636 | 3681 | 3724 | 3745 | 12376000 | 13030000 | 13245000 | 13521000 | 13595000 |
| Philippines | 3077 | 3075 | 3083 | 3064 | 3093 | 11405000 | 11328000 | 11207000 | 12183000 | 11935000 |
| India | 1529 | 1538 | 1635 | 1714 | 1796 | 10080000 | 11241000 | 11975000 | 13300000 | 13968000 |
| Malaysia | 315 | 310 | 305 | 290 | 280 | 883000 | 800000 | 787000 | 748000 | 722000 |

Source: *Food and Agriculture Organization of the United Nations (FAO-UN)*

Sa Talahanayan 1 at 2, malinaw na makikitang naungusan na ng Indonesia ang Pilipinas pagdating sa lawak ng lupaing natatamnan ng niyog. Gayundin, pagdating sa produksiyon ng niyog ay nauna na ang Indonesia kumpara sa Pilipinas, samantalang kung babalikan natin ang taong

1964 sa datos ding mula sa FAO-UN ay pangatlo lamang ang Indonesia pagdating sa produksiyon ng niyog at pumapangalawa pa noon sa Pilipinas ang bansang Malaysia. Sa datos din sa Talahanayan 2, ipinakita na mula taong 1994 hanggang 1996, pumangatlo na lang ang Pilipinas sa dami ng produksiyon ng niyog at pumangalawa na ang bansang India sa Indonesia. Nakapanghihinayang ang naging sitwasyon ng Pilipinas sa mga nabanggit na datos. Dahil sa mahabang panahon, ang Pilipinas ang nangunguna kahit sa lawak ng lupang natatamnan ng niyog at dami ng produksiyon ng niyog. Subalit, nangangahulugan din bang naungusan na ng Indonesia ang Pilipinas pati sa pagluluwas o eksport ng mga produktong mula sa niyog? Sa kaso ng pagluluwas o eksport ng coconut oil, may datos na magpapatunay na hindi natinag at nanatiling nangunguna ang Pilipinas sa pagluluwas ng coconut oil sa buong mundo na makikita sa Talahanayan 3 *(World Coconut Oil Export by Major Exporting Countries, 1990-1997).*

**Talahanayan 3:**
***World Coconut Oil Export by Major Exporting Countries, 1990-1997***

| Exporting Country | Volume of Coconut Oil Export ('000 MT) | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1990 | 1991 | 1992 | 1993 | 1994 | 1995 | 1996 | 1997 | Average | Percent Share |
| Philippines | 1157.7 | 890 | 903.6 | 1013.8 | 872.9 | 1364.0 | 829.4 | 1080.9 | 1014.0 | 65.2 |
| Indonesia | 194.0 | 197.6 | 351.5 | 258.4 | 392.9 | 148.3 | 378.8 | 644.3 | 320.7 | 20.6 |
| Malaysia | 55.4 | 42.0 | 66.4 | 56.8 | 60.3 | 55.2 | 35.3 | 33.0 | 50.6 | 3.2 |
| Papua New Guinea | 37.9 | 27.1 | 40.4 | 45.5 | 34.7 | 33.1 | 49.6 | 58.7 | 40.9 | 2.6 |
| Sri Lanka | 12.2 | 1.0 | 2.4 | 2.6 | 4.5 | 9.0 | 2.4 | 7.0 | 5.1 | 0.3 |
| Fiji | 11.0 | 6.5 | 2.4 | 10.0 | 4.1 | 4.0 | 4.9 | 3.8 | 5.8 | 0.4 |
| Mozambique | 1.5 | 1.3 | 2.8 | 2.0 | 2.9 | 2.3 | 2.4 | 1.9 | 2.1 | 0.1 |

Source: *Sinipi mula sa pag-aaral ni Corazon T. Aragon, Coconut Program Area Research Planning and Prioritization, 2000, nakuha ni Aragon ang datos mula sa Oil World*

Isinasaad ng datos mula sa Talahanayan 3 na malaki pa rin ang agwat ng Pilipinas sa Indonesia pagdating sa pagluluwas ng coconut oil sa mundo. Nangunguna pa rin ang Pilipinas at ang pangunahing destinasyon

ng iniluluwas na coconut oil ay sa Estados Unidos. May datos din namang inihain si Aragon (2000) sa kaniyang pag-aaral na hindi naman huminto ang Pilipinas sa pagpapalawak ng lupaing natatamnan ng niyog para lalo pang dumami ang maaaning niyog ng bansa, ngunit napakabagal ng pagpapalawak. Katunayan, ang 2.9 milyong ektarya ng niyugan sa bansa noong dekada sesenta ay naging 3.1 milyong ektarya lamang ito pagkalipas ng isang dekada partikular noong 1996 batay sa Talahanayan 1 sa datos ng APCC. Hindi nga huminto sa pagpapalawak ng niyugan ang Pilipinas ngunit napakabagal naman nito. Samantalang napakabilis at malakihan ang naging pagpapalawak ng niyugan ng bansang Indonesia dahil ang 3.5 ektarya ng niyugan nila noong 1991 ay naging 3.7 milyong ektarya na agad paglipas lamang ng limang taon partikular noong 1996 na makikita rin sa Talahanayan 1. Marahil, bentaha rin ng bansang Indonesia ang malawak nitong teritoryo at ang magandang naging epekto ng kanilang Basic Agrarian Law noong 1960 (Sihombing, 2017). Nakabalahaw naman sa pagpapalawak ng mga niyugan sa Pilipinas ang hindi naisakatuparang mga repormang agraryo dahil may mga niyugang napabayaan bunga ng matinding alitan ng mga may-ari ng mga niyugan at mga magniniyog.

### Ang Paghingi ng Suporta ng mga Magniniyog sa Tulang "Gamit sa Lukaran" ni Eric L. Portento

Sa panimulang pag-aaral ko sa panitikan ng mga maglulukad sa amin sa Bondoc Peninsula na nailathala ko noong 2015 sa isang journal ng PUP, tumambad sa akin ilang mga tula na nailathala sa isang pang-maglulukad na *newsletter* o kalatas na ang pangalan ay "Ang Balitanaw". Ang pagpaparami ng kopya ng kalatas na ito ay tinutustusan mismo ng mga maglulukad. Hindi regular na taunan ang paglalabas ng Balitanaw ngunit sinisikap ng mga maglulukad na makapaglabas nito sa pamamagitan ng ambagan ng mga kapwa maglulukad. Isa sa mga nakapaglathala ng tula sa nasabing kalatas ay si Eric L. Portento. Ang tula niyang "Gamit sa Lukaran" ay nailathala noong 1990. Narito ang tula:

> Pumarini ka baya kaibigan
> May mahalaga wari tayong apag-usapan
> Ating hilingin sa ating punong bayan
> Pagkalooban tayo ng gamit sa lukaran.
>
> Halina't mabuo tayo ng asosasyon
> Upang idulog itong ating hamon
> Dahil kapag nga nagkataon
> Baka maabutan tayo ng tulong.

Simple ang himig ng tulang ito ni Portento ngunit nagsasaad ng napakaraming usapin hinggil sa pagniniyog. Sa unang saknong, malalaman na natin na ang persona ay isang maglulukad na ihuhudyat ng ikaapat na linyang, “Pagkalooban tayo ng gamit sa lukaran” na ang salitang “tayo” ay kakabit ng “lukaran” o ang espasyo kung saan naglulukad. Ang “tayo” rito ay kalipunan o grupo ng mga maglulukad. May gustong hilingin ang “tayo” sa punong bayan gaya ng sinasabi sa ikatlong linya, ito ang gamit sa lukaran na nasa ikaapat na linya. Kung iisa-isahin, ang karaniwang gamit sa lukaran ay ang harabas, tapasan, itak, burigi, paragos, kariton at kalabaw. Para sa mga maglulukad, malaking tulong sa paglulukad kung mapagkakalooban sila ng mga bagay na ito, lalo siguro kung kalabaw ang maibibigay sa kanila. Kaya para sa persona, ang mga bagay na ito ay lubhang mahalaga kaya iniimbitahan niya ang kaibigang maglulukad na pag-usapan ang patungkol dito.

Sa pangalawang saknong ng tula, manghihikayat ang persona na bumuo ng asosasyon para maidulog ang kanilang kahilingan na mababasang ganito, “Halina’t mabuo tayo ng asosasyon/Upang idulog itong ating hamon”. Ngunit bakit kailangan ng asosasyon para makahiling ng mga pangangailangan para sa paglulukad? Para maipaliwanag ito, may nakapanayam/nakakuwentuhan akong isang maglulukad mula sa Bayan ng San Francisco na pangalanan nating si Kang Ote na ganito ang sinabi:

> Dito mayroon kaming asosasyon, Inabuan Coconut Farmers Association. Ang asosasyon po ang bumubuo ng pwersa para po makahingi kami ng suporta sa gobyerno. Gumagawa po kami ng resolusyon para po mapagtibay ang aming kahilingan. Karaniwan naming hinihiling ‘yung ginagamit namin sa paglulukad. (Kang Ote, personal na komunikasyon, May 13, 2019)

Si Kang Ote ay tatlumpu’t dalawang taon nang naglulukad sa Bayan San Francisco sa Lalawigan ng Quezon. Ang binabanggit ni Kang Ote na asosasyon ay nakapangalan mismo sa kanilang barangay, ito ang Brgy. Inabuan. Malinaw na binanggit niya na ang asosasyon ay mahalaga sapagkat dito nagmumula ang puwersa upang makahingi sila ng tulong mula sa gobyerno. Batay sa sagot ni Kang Ote nang tinanong ko siya kung napagbibigyan naman ang kanilang hiling, madalas naman daw na napagbibigyan. Ang pinakahuli raw nilang proyekto na sinuportahan ng PCA ay patungkol sa *replanting* na binayaran sila sa bawat puno ng niyog na kanilang naitanim. Hiniling nila ang proyektong ito upang sa hinaharap ay madagdagan pa raw ang produksiyon ng niyog sa Lalawigan ng Quezon.

Natugunan sa pamamagitan ng inilahad na impormasyon ni Kang Ote mula sa aking pakikipanayam sa kaniya ang lumutang na tanong patungkol sa pagbuo ng asosasyon na nasa tula ni Portento. Samakatuwid, napakahalaga ng asosasyon upang maging buo ang puwersa kung may hihilingin man sa gobyerno ng ating bansa. Kung magiging malakas ang puwersa gaya ng asosasyon nina Kang Ote sa Brgy. Inabuan, marahil ang pangamba ng persona sa tula ay mapapawi. Kung buo ang puwersa ng mga maglulukad dahil sa malakas na asosasyon, hindi na makapagbibitiw ng suntok sa buwan na mga linyang, "Dahil kapag nga nagkataon/Baka maabutan tayo ng tulong".

Kung sisipatin ang sitwasyon ng mga magniniyog sa Pilipinas, makikita nating napakahalaga ng mga asosasyon o organisasyon para makapaghatid ng mensahe at panawagan sa ating gobyerno. Sa pamamagitan ng mga organisasyong pang-magniniyog, nairerehistro sa kinauukulan ang mga isyung may kinalaman sa industriya ng niyog gaya halimbawa ng ginagawa ngayon ng organisasyong Kilusan para sa Ugnayan ng mga Samahang Magniniyog (KILUS-Magniniyog), naipababatid nila sa pamamagitan ng liham at sa iba pang paraan ang kahilingan at mga hinaing ng mga magniniyog. Gaya halimbawa ng liham na nasa Larawan 1 *(Liham ng Kilus-Magniniyog kay Pangulong Rodrigo Duterte)*, sa liham na ito ipinaalala nila sa pangulo ang ipinahayag nitong komitment na may kinalaman sa isyu ng *coco levy fund* at ang kahilingan nilang makapagtatag ng *trust fund* mula sa pondo ng *coco levy* upang matulungang maiahon sa kahirapan ang milyon-milyong mga magniniyog sa ating bansa.

Kilusan para sa Ugnayan
ng mga Samahang Magniniyog

19 JULY 2017

**HIS EXCELLENCY RODRIGO ROA DUTERTE**
President of the Republic of the Philippines
Malacañang Palace, City of Manila

Office of the President
Date: 7-19 Time:
Received by

Dear Mr. President:

Greetings from KILUS Magniniyog!

It has been more than a year since the consultation in Catanauan, Quezon where you signed the PANATA SA MGA MALILIIT NA MAGNINIYOG in front of hundreds of farmers from the province. We strongly appreciate your position as regards the coconut levy fund which you committed to make accessible to the poor and marginalized coconut farmers.

The KILUS Magniniyog has done its share in campaigning for the establishment of a trust fund that would support programs and projects to uplift the lives of the millions of coconut farmers. Our march from Davao City to Malacañang in 2014 had given way to: a) the issuance of the Entry of Judgment by the Supreme Court on the case of the block of San Miguel Corporation (preferred) shares that led to the turnover of 69.5 billion pesos in cash to government; b) the issuance of an Executive Order by the former administration on the utilization of the funds "solely and exclusively" for the poor and marginalized coconut farmers (with Temporary Restraining Order); and, c) the approval on third reading by the House of Representatives of the Coconut Farmers' and Industry Trust Fund Bill.

Our humble efforts, however, did not suffice to see the enactment of the said Bill as the Senate, during the 16$^{th}$ Congress, decided to drop the measure with no valid reason. Now, even under your administration, an enhanced version of the Bill remains pending in the 17$^{th}$ Congress with hardly any substantial change in its composition. We fear that chances of passing the Bill is bleak, and this will only further delay the benefits that should have been accorded to the coconut farmers some 40 years ago.

Hence, we would like to request His Excellency to push for the immediate enactment of the Coconut Farmers' and Industry Trust Fund Bill during the second State of the Nation Address. We have not forgotten your words: "I will force the issue with Congress". We trust and pray that the poor coconut farmers start reaping the benefits from the Coconut Levy Fund under your administration as promised.

Daghang Salamat.

Edma

**EDUARDO MORA**
Lead Convenor
KILUS Magniniyog

**Larawan 1:**
***Liham ng KILUS-Magniniyog kay Pangulong Rodrigo Duterte***

**Usapin ng Pagtanda ng mga Magniniyog sa Tulang "Kayakas" ni Eulalio Zulueta**

Sa kabilang banda, ang tula naman ng magniniyog na si Eulalio Zulueta na may pamagat na "Kayakas" na lumabas din sa "Ang Balitanaw" noong 1997 ay mahihinuhang patungkol sa pagsapit sa katandaan ng isang magniniyog. Narito ang tula:

Bata pa tayo noon
tulad ng mga kayakas
ng niyog na lumalambong
sa buong lupa ng niyugan
sa mahabang panahon.

Matanda na tayo ngayon
tulad ng mga kayakas
ng niyog na ipinalalamon
sa sinisilabang bumbon
ng mga dahon tuwing dapithapon.

Ang tinutukoy na kayakas sa tula ay ang dahon ng puno ng niyog. Tulad ng naunang tula, maglulukad din ang persona ng tula na mapapatunayan sa unang saknong ng tula sa mga linyang, "lumalambong/sa buong lupa ng niyugan/sa mahabang panahon" na nagsasaad na ito'y magniniyog na sa mahabang panahon ay nagsilbi sa niyugan. Ang kausap ng persona ay kapwa niya magniniyog. Patungkol sa mahabang panahon ng pagsisilbi sa niyugan ang inihahatid ng tula dahil ito'y sa pagitan ng panahong pagkabata hanggang sa pagtanda. Ngunit sa pangalawang saknong lubos na ipababatid ang himig ng tumatandang populasyon o *aging population* ng mga magniniyog sa kasalukuyang panahon. Isa pa ito sa malaking hamon sa industriya ng niyog sa ating bansa. Ang karaniwang edad na ng mga magniniyog sa Pilipinas ay naglalaro sa 55-60 taong gulang (Manila Times, 2013). Ayaw nang tahakin ng mga kabataan ngayon ang trabahong may kinalaman sa agrikultura kaya hindi na makapagparami pa ng mga magniniyog (S. De Guzman, 2018). Nakababahala rin dahil kabilang ang trabahong pagniniyog na may mataas na *poverty incidence* sa ating bansa (Miraflor, 2020). Maitatanong natin ngayon, paano na ang industriya ng niyog sa hinaharap? Dito kinakailangan ang puspusang pagpaplano at mga programa upang matugunan ang suliraning ito na masasagupa ng ating bansa sa mga bukas na darating. Sa huli, dahil sa tulang ito ni Zulueta, ipinagugunita na sa atin ngayon pa lang na darating din ang panahon na

magkakaedad nang husto ang mga magniniyog na kung tutuusi'y nangyayari na. Kung gayon, umaksiyon na tayo ngayon at tumugon sa suliraning ito upang hindi na natin pagsisihan pa sa darating na panahon.

**Kongklusyon: Ang Kalagayan ng mga Magniniyog sa Pilipinas**

Ang mga tula ng mga magniniyog sa Bondoc Peninsula na sina Portento at Zulueta ay nagbibitbit ng isyu hinggil sa suporta ng gobyerno sa mga magniniyog at ang tumatandang populasyon o *aging population* ng mga magniniyog sa ating bansa. Ipinasalip ng mga datos pangkasaysayan na kung bagsak ang presyo ng niyog, lalong kalbaryo ang haharapin ng mga magniniyog. Kaya kahit todo-kayod ang mga magniniyog na may sarili pang pamilya, hindi pa rin sasapat ang naiuuwi nilang kita para ipantustos sa kanilang pangangailangan sa araw-araw dahil napakaliit na bahagi ng kabuuang kita ang natatanggap nila. Ganito ang sitwasyon ng mga magniniyog na natunghayan din kahit sa mga akdang pampanitikang inilatag sa pag-aaral na ito. Sa kabila ng kanilang mga pagsisikap sa pag-aani ng dekalidad na niyog na pagmumulan ng mga produktong iniluluwas sa iba't ibang panig ng mundo, nananatili silang naghihirap dahil na rin sa mga mapagsamantalang tao na nagmomonopolyo at nagkokontrol sa industriya ng niyog. Kaya batay na rin sa mga naratibong pampanitikan at pangkasaysayang ginunita, nagsisiwalat ito na ang pakinabang sa pag-unlad ng industriya ng niyog ay wala sa panig ng mga magniniyog kundi nasa panig ng mga nagmomonopolyo at nagkokontrol ng industriya ng niyog na sila rin ang mga nagmamay-ari ng mga malalaking niyugan sa bansa.

Natunghayan din natin sa mga naratibong pangkasaysayan na mailap din sa mga magniniyog ang repormang agraryo. Bigo ang maraming mga magniniyog sa tunay at at komprehensibong repormang agraryo mula noon. Sa kasalukuyan, hindi naman nag-aalok ng positibong oportunidad ang repormang agraryo dahil ang bayad na hinihingi sa mga magniniyog ay masyadong mabigat. Isiniwalat din sa mga datos pangkasaysayan na marami ring may-ari ng mga niyugan ang madaling nakalulusot sa batas ukol sa repormang agraryo dahil sa pagbaluktot nila sa batas at pandaraya sa pagdedeklara ng kanilang inaaaring lupain. Samakatuwid, kahit ang mga puno ng niyog ay hitik sa bunga, tila nawawalan ito ng esensiya kung ang mga nag-aalaga ng niyog o mga magniniyog ay wala ring sariling lupain.

**Sanggunian (References)**

Adraneda, K. (2006, January 23). Survivors, kin of victims still await justice 19 years after Mendiola Massacre*. Philippine Star.* https://www.philstar.com/headlines/ 2006/01/23/318051/survivors-kin-victims-still-await-justice-19-years-after-mendiola-massacre

Almeda-Martin, A. L. (1999). Philippine land reform cycles: Perpetuating U.S. colonial policy. *Philippine Studies, 47* (2), 181-205.

Aragon, C. T. (2000). *Coconut program area research planning and prioritization.* Makati City: Philippine Institute for Development Studies.

De Guzman, N. (2019, January 22). The bloody Mendiola Massacre took place 32 years ago today. *Esquire.* https://www.esquiremag.ph/long-reads/features/the-bloody-mendiola-massacre-took-place-32-years-today-a1729-20190122-lfrm2

De Guzman, S. S. (2018, June 18). Agriculture is dying in the Philippines. *Philippine Star.* https://www.philstar.com/opinion /2018/06/18/1825542/agriculture-dying-philippines.

Llorito, D. L. (n. d.) *Quezon's feudal system blamed for insurgency.* http://www.seasite. niu.edu/tagalog/modules/modules/InterestingPlaces/bondoc_ peninsula.htm

Manila Times. (2013, June 22). *Aging Filipino farmers to affect food security.* https://www.manilatimes.net/2013/06/22/special-report/headlines/aging-filipino-farmers-to-affect-food-security/12166

Miraflor, M. B. (2020, October 25). Coconut farmers are poorest agri people. *Manila Bulletin.*https://mb.com.ph/2020/10/25/coconut-farmers-are-poorest-agri-people/

Peña, R. (2015). Panimulang dalumat sa mga tula ng mga magkokopra sa Bondoc Peninsula tungo sa pagsiyasat sa panlipunang kaakuhan. *Bisig Journal*, *1* (1), 23-27.

Perez, E. S. D. (2016, February 25). The failure of agrarian reform under Cory Aquino. *Manila Times.* https://www.manilatimes.net/2016/02/25/featured-columns/columnists-business/the-failure-of-agrarian-reform-under-cory-aquino/246968

Portento, E. L. (1990). Gamit sa lukaran. *Ang Balitanaw*. Probinsya ng Quezon.

Sihombing, B. F. (2017). Agrarian reform in Indonesia: A juridical review. *International Journal of Civil Engineering and Technology, 8* (11), 351-353.

Skare, G. (1995). *Coconuts cultivation in the Philippines.* Norway: Chr. Michelsen Institute.

Supreme Court. (1993, March 19). https://www.lawphil.net/judjuris/juri1993/mar1993/gr_84607_1993.html

Zulueta, E. (1997). Kayakas. *Ang Balitanaw*. Probinsya ng Quezon

## Mga Kontribyutor

Si **Jervy Briones** ay instruktor sa Departamento ng Agham Panlipunan, Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Nakuha niya ang kanyang digri sa Kasaysayan mula sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas at kasalukuyan niyang tinatapos ang kanyang masterado (Philippine Studies) sa Asian Center, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ang kanyang mga interes sa pananaliksik ay umiikot sa kasaysayan ng paggawa (labor history), mga kilusang panlipunan (social movements), at kritikal na teorya (critical theory).

Si **Dr. Romeo P. Peña** ay kasalukuyang Full Professor habang nanunungkulan bilang Dekano ng Kolehiyo ng Artes at Literatura sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas sa Sta. Mesa, Maynila. Nagtapos siya ng PhD in Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ang kaniyang pananaliksik ay nakatuon sa historikal at kultural na peryodisasyon ng industriya ng niyog sa Pilipinas at pagdalumat sa produksyong pampanitikang hinggil sa niyog mula 1940 hanggang 2018 gamit ang kontekstong nakapaloob sa kaalamang-bayan, lokal na kalinangan, sariling wika, gunitang-bayan at mga naratibo. Sinasaliksik niya ang industriya ng niyog na nakatuon sa lugar na kaniyang pinagmulan sa Bondoc Peninsula (bahagi ng Lalawigan ng Quezon) gamit ang mga dulog na higit na multidisplinaryo at interdisiplinaryo. Nagtungo siya sa Japan at nagsilbing lecturer sa Regional Development WS sa Kagoshima University noong 2019. Siya ay kasalukuyang Assistant Secretary ng National Committee on Language and Translation (NCLT) na nasa ilalim ng National Comission for Culture and the Arts (NCCA).

Si **Axle Christien Tugano** ay kasalukuyang Guro ng Kasaysayan sa Division of History, University of the Philippines Los Baños, Laguna. Nagtapos ng BA History sa Polytechnic University of the Philippines (*Batch Valedictorian, magna cum laude*). Tinatapos ang digring MA Philippine Studies sa Asian Center, University of the Philippines Diliman. Nakapaglimbag ng mga artikulo sa mga refiradong dyornal sa *Diliman Review*, *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, at *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia* ng University of the Philippines Diliman; *Katipunan Journal* ng Ateneo de Manila University; *Dalumat E-Journal* ng De La Salle University; *Tala Kasaysayan Journal* at *Hasaan Journal* ng University of Santo Tomas; *Mabini Review* ng Polytechnic University of the Philippines; *Saliksik E-Journal* ng Bagong Kasaysayan, *Kawing Journal* ng Pambansang Samahan ng Linggwistika at Literaturang Filipino, at ilang mga pag-aaral na inilathala ng ATAGAN Tayabas at ADHIKA ng Pilipinas at National Commission for Culture and the Arts at marami pang iba. Noong 2021, natanggap niya ang karangalan bilang "*Mananaysay ng Taon 2021, Ikatlong Gantimpala"* na iginawad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

Si **Nell B. Buenaventura** ay nagturo ng mga kurso tungkol sa wika at komunikasyong Filipino sa University of Santo Tomas at National College of Business and Arts. Nagtapos siya ng mga digring MA Filipino (2019) at AB Filipinolohiya (2015) sa Polytechnic University of the Philippines Manila at kasalukuyang kumukuha ng PhD Philippine Studies sa University of the Philippines Diliman. Habang nag-aaral sa kolehiyo, naging working student service crew din siya sa isang kainan sa SM North EDSA.

Si **Reneille Joy M. Tayone** ay kasalukuyang guro ng Far Eastern University, Maynila mula sa departamento ng Interdisciplinary Studies. Nagtapos siya noong 2017 ng kursong Batsilyer sa Edukasyong Sekondarya Medyor sa Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila. Taong 2021, natapos niya ang Master sa Sining sa Araling Filipino (Wika, Kultura, at Midya) sa Pamantasang De La Salle, Maynila na may parangal bilang Outstanding Master's Thesis sa Departamento ng Filipino.

POLYTECHNIC UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES

1904